



Mga pagsasala para sa kanser sa cervix, nang walang bayad, para sa mga banyagang kasambahay

Limitado ang mga pagsasala sa mga mauunang darating, hindi pwede ang magpareserba

Panlahat na FAQ sa Kanser sa Cervix

Ano ang Programang Pagtulong sa ating mga Kasambahay?

Ang Pagtulong sa ating mga Kasambahay ay isang Programang pinangangasiwaan ng Samahan para sa Colposcopy at Cervical Pathology ng Singapore na nag-aalok ng mga pagsasala para sa kanser sa cervix, nang walang bayad, para sa mga banyagang kasambahay sa Singapore.

Ang kanser sa cervix ang pangalawa sa pinakakaraniwang kanser na nakakaapekto sa mga babae sa Pilipinas, Indonesia, India at Myanmar.¹

Sa pagtugon sa mga kakulangan sa edukasyon at daan sa pagsasala, umaasa kami mapapababa ang insidente ng kanser sa cervix, upang magkaroon ang mga babae ng produktibong buhay, sa loob ng pamilya at sa lipunan.

Ang Pagtulong sa ating mga Kasambahay ay kauna-unahang programa na nag-aalok sa 200 babaeng edad 30 - 65 taon ng pagsusuri sa kanser sa cervix nang walang bayad gamit ang mga pagsusuri sa human papillomavirus (HPV) DNA.

Limitado ang mga pagsasala sa mga mauunang darating, hindi pwede ang magpareserba.

Ano ang kanser sa cervix?

Ang kanser sa cervix ay isang uri ng kanser na nagsisimula sa cervix, na ibabang bahagi ng matris. Ang cervix ay binubuo ng milyun-milyong selula. Maaaring maganap ang mga pagbabago sa mga selulang ito at, kung hindi ginagamot, maaaring maging kanser sa cervix. Sa buong mundo, ang kanser sa cervix ang pang-apat sa pinakakaraniwang uri ng kanser sa mga babae.²

Ano ang pre-cancer?

Ang pre-cancer ay kapag unang lumilitaw ang mga pagbabago sa cervix bago magkaroon ng kanser sa cervix. Kapag maagang matuklasan at malapatan ng angkop na paggamot, karamihan ng mga kaso ng pre-cancer ay mapipigilang maging kanser sa cervix.³

Ano ang mga sanhi ng kanser sa cervix?

Mahigit 99% ng mga kaso ng kanser sa cervix ay dulot ng impeksyon ng HPV.⁴ Ang impeksyon ng HPV ay napaka karaniwan. Sa katunayan, 4 sa 5 babae ay nalalantad dito sa isang punto ng kanilang buhay.⁵ May mahigit sa 100 iba't ibang uri ng HPV, at 14 dito ay itinuturing na mapanganib pagdating sa pagkakaroon ng kanser sa cervix.^{6,7} Sa 14 na mapanganib na uring ito, HPV 16 at 18 ang nagdudulot ng 70% ng lahat ng kanser sa cervix.⁸ Ang mga babaeng may HPV 16 o 18 ay 35 beses na mas malamang na magkaroon ng pre-cancer sa cervix kaysa sa mga walang HPV.⁴

Paano nakukuha ang HPV?

Sinumang nakipagtalik na ay maaaring makakuha ng HPV - kahit pa nagkaroon ka lang ng isang kapartner o kahit na gumagamit ka ng mga condom. Ang HPV ay maaaring mabuhay sa katawan nang higit sa 10 taon nang walang mga sintomas hanggang magkaroon ng pre-cancer sa cervix at lumala kaya maaaring taglay mo ang virus kahit napakaraming taon na mula noong nakipagtalik ka.

Bakit mahalaga ang pagpapasuri para sa mapanganib na HPV?

Ang HPV ay pangunahing sanhi ng kanser sa cervix, responsable sa 99% ng lahat ng kaso.⁴ Gayunpaman, ang mga impeksyon ng HPV ay walang mga sintomas kaya ang tanging paraan para malaman ng isang babae na taglay niya ang virus ay ang pagpasuri.

Malalaman ng doktor ayon sa pagsusuri sa mapanganib na HPV kung ang isang pasyente ay nanganganib sa mga pagbabagong posibleng maging kanser sa cervix.

Dapat ba akong magpasala para sa HPV?

Ang mga babaeng 30 - 65 taong gulang na naging aktibo sa pakikipagtalik ay dapat masuri para sa HPV. Maliban kung magpasuri ang isang babae para sa HPV, malamang na hindi niya malalaman na taglay niya ang virus dahil karaniwang walang mga sintomas.

Nakakatulong ang pagsusuri para sa HPV na malaman ng mga babae ang kanilang panganib sa pagkakaroon ng kanser sa cervix at binibigyang-kakayahan ang kanilang doktor na pangasiwaan at pigilan ang paglitaw ng karamdaman. Ang maagang pagkatuklas ng kanser sa cervix sa yugtong pre-cancer ay maaaring humantong sa mas mabisang paggamot, at sa bandang huli, makapagliligtas ng buhay.

Paano isinasagawa ang isang pagsusuri sa HPV?

Ang pagsusuri sa HPV ay isang simpleng pagsusuri na isinasagawa sa paraang katulad sa Pap Smear. Ang pagsusuri para sa HPV ay karaniwang isinasagawa ng isang pangkalahatang doktor o gynaecologist.

Kung maging positibo ako sa HPV, ibig bang sabihin nito na mayroon akong kanser sa cervix?

Mahalagang maintindihan na ang positibong resulta ng pagsusuri sa HPV ay hindi nangangahulugang tiyak na may kanser ka sa cervix; gayunpaman, nangangahulugan ito na mas mataas ang panganib mo na magkaroon ng ganitong karamdaman.

Ano ang dapat kong gawin kung positibo ang aking resulta sa pagsusuri sa HPV?

Sasabihin ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang mga susunod na hakbang kung positibo ang resulta ng iyong pagsusuri sa HPV 16 at/o 18. Maaaring kailangan ang karagdagang pagsisiyasat.

Ano ang ibig sabihin kung negatibo ang resulta ng aking pagsusuri sa HPV?

Kung negatibo ang resulta ng iyong pagsusuri sa HPV, nangangahulugan ito na mababa ang panganib mong magkaroon ng kanser sa cervix.⁴ Depende sa mga rekomendasyon ng iyong doktor, dapat kang bumalik para ulitin ang pagsusuri sa 3 - 5 taon.

Sa kabuuan, ang negatibong pagsusuri sa mapanganib na HPV ay nangangahulugang mataas ang posibilidad na hindi ka magkaroon ng kanser sa cervix sa susunod na 5 taon.⁹

Mga Sanggunian: 1. Paglaganap sa Buong Mundo noong 2012. Mula sa http://globocan.iarc.fr/Pages/fact_sheets_cancer.aspx noong 14 Disyembre 2017 2.IARC. Globocan 2012: Tinatayang Insidente ng Kanser, Dami ng Namamatay at Paglaganap sa Buong Mundo noong 2012. Mula sa http://globocan.iarc.fr/Pages/fact_sheets_cancer.aspx noong 14 Disyembre 2017 3. Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Karamdaman. Kanser sa Cervix. www.cdc.gov. Mula sa http://www.cdc.gov/cancer/cervical/pdf/cervical_facts.pdf noong 14 Disyembre 2017 4. Wright TC Jr, Stoler MH, Sharma A, et al. Ebalwasyon ng HPV-16 at HPV-18 genotyping para sa triage ng mga babaeng negatibo ang mga resulta sa mapanganib na HPV cytology. *Am J Clin Pathol*.2011;136:578-586. 5. Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Karamdaman. Pinakamahalagang Impormasyon tungkol sa HPV at Kanser. Makikita sa: http://www.cdc.gov/cancer/hpv/basic_info/ [huling na-access Marso, 2016]. 6. Kari P Braaten, M. (2008). Human Papillomavirus (HPV), Karamdamang Nauugnay sa HPV, at Bakuna sa HPV. Mga Pagrepreaso sa Obstetrics at Gynecology. [online] 1 (1), p.2. Makikita sa: <http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2492590/> [huling na-access Marso, 2016]. 7. de Sanjose S, Quint WG, Alemany L, et al. Human papillomavirus genotype bilang sanhi ng mapaminsalang kanser sa cervix: isang retrospektibo na cross-sectional na pag-aaral sa buong mundo. *Lancet Oncol* 2010; 11:1048-1056. 8. Schiffman M, Castle PE, Jeronimo J, Rodriguez AC, Wacholder S. Human papillomavirus at kanser sa cervix. *Lancet* 2007; 370(9590):890-907. 9. Mga Bagong Estratehiya para sa Pagsasala ng Cervix para sa HPV; Kalusugang Pangkababaihan (Lond Eng). 2013 Set; 9(5): 10.2217/whe.13.48. doi: 10.2217/whe.13.48 <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC388085/>

Sa pakikipagtulungan sa: